NOT FOR SALE

# VALENZUELA NGAYON

Taon 5 Blg 12 | VALENZUELA, MAY DISIPLINA! | Hulyo - Agosto 2009




## ₱100 MILYONG HALAGA NG MGA SILID-ARALAN, PINASINAYAAN

p3



## 3 PAMPUBLIKONG PAARALAN, NATIONAL HIGH SCHOOL NA

pahina 4



## GAWAD DR. PIO VALENZUELA

page 2

# 120 MAG-AARAL DR. PIO VALENZUELA SCHOLARS

Upang masiguro ang magandang kinabukasan para sa mga kabataan ng Valenzuela, isang scholarship fund para sa mga mahihirap ngunit karapat-dapat na estudyante ang itinatag sa pamamagitan ng Municipal Council Ordinance No. 12 series of 1995, na kilala bilang "Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program." Sa ilalim ng nasabing programa ang grantee ay magkakaroon ng financial assistance na kasama dito ang tuition at iba pang school fees.

Sa ngayon ang mga grantee ay makakatanggap ng financial assistance na P20,000 kada taon, at sa nadagdag na 25 bagong estudyante sa ika-14 taon ng pagsasagawa nito ang mga grantee ay umabot na sa 120.

Ang mga estudyante na may good moral character at kasama sa pamilya na hindi lumagpas sa maximum set ng Scholarship Program Committee ay kwalipikado para sa programa.

"Each year, we open the program to incoming college students through a qualifying examination, But the examination is open only to students who are residents of the city for the past four years as attested by the barangay and school records, and a member of top 2 percent (2%) of a Valenzuela City Public High School graduating class." Ayon kay Dr. Nedeña C. Torralba, ang President ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela(PLV) at miyembro ng Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program Committee.

Ang mga grantees ay mahaharap sa mahirap subalit masayang buhay kolehiyo bilang kapalit sa pagiging isa sa mga iilan lang na grantees bawat taon. "As Dr. Pio Valenzuela Scholars, they are required to maintain a grade of not lower than 2.25 and a general average of 2.00 per semester until they graduate, or they will lose the scholarship. For this reason, majority of them become Dean's Lister, some of them even graduate with honors," dagdag pa ni Dr. Torralba.

"All of us grantees are aware that the consequence of us failing to maintain good grades is losing our scholarship to new applicants of the program, and we certainly won't allow it," ayon kay Bb. Clarissa G. Moraga isa sa mga nakakuha noon ng grantee at nagtapos bilang Magna Cum Laude sa University of the East, Caloocan City.

Nilinaw ni Dr. Torralba na ang scholarship ay available hindi lang sa mga estudyanteng nag-eenroll sa PLV. Meron ding mga grantees na nakapag-enroll sa University of the Philippines, Mapua at iba pang Colleges at Universities sa Metro Manila na kumukuha ng kurso mula Accountancy hanggang Engineering.

Masayang ipinahayag ni Mayor WIN Gatchalian na simula sa susunod na school year, ang financial assistance ay maitataas sa P40,000 kada taon, subject to the City Councils approval and budget appropriation.

Ayon kay Mayor WIN, "We recognize the fact that the cost of education today is continually rising, and to show our continued commitment of providing tertiary education to Valenzuelano students, we found it necessary to raise the grantees' allowance. We also aim to accommodate more students applying for the program which as of now is dependent on how many students graduate and how many fails to maintain the required grades," sa kanyang pagtatapos. ■

# EMPLOYER-EMPLOYEE WIN-WIN SOLUTION THROUGH TIPC INTERVENTION

An agreement was successfully forged by **Social Accord for Valenzuela City Tripartite Industrial Peace Council** (TIPC) recently held at the Conference Room of Valenzuela City Executive building among the Department of Labor and Employment-National Capital Region (DOLE-NCR), represented by its Regional Director, Raymundo G. Agravante; City Government of Valenzuela (LGU), represented by Mayor Sherwin T. Gatchalian; and Valenzuela City Tripartite Industrial Peace Council (VCTIPC), represented by FVM Tony Espiritu.

The parties committed themselves to intensify and broaden current efforts of social dialogues to address problems of quality and productivity, competitiveness, industrial peace, compliance with improvements on labor and social standards. For the workers'group, to exercise utmost restraint in declaring or staging strikes or any similar activities. For the employers' group, to do its best to avoid retrenchment of employees and all possible alternative measures shall be undertaken to preserve jobs. For the government, to oversee the implementation of this social accord, to employ and address possible occurences of job displacements and industrial peace destabilization, and to take all necessary measures to inform all concerned of this accord and assist them in working out mutual agreements or terms of understanding.



*Social Accord for Valenzuela City Tripartite Industrial Peace Council (TIPC) held recently at the Conference Room of Valenzuela City Executive building.*

A clear substance of TIPC's victory is the employer-employee mediation and conciliation regarding the deadlock on the negotiation for the Collective Bargaining Agreement (CBA) between Fiberline Industries, Inc. and its Labor Union. The issues in the CBA negotiation that they were not agreed upon and submitted to Valenzuela City TIPC for a third party intervention were the wage increase and the union's leaves. However, on the 4th and 5th hearings conducted by Valenzuela City TIPC on April 20 & 27, 2009 respectively, both parties signed in a win-win-solution agreement. ■

**ROQUE T. TANALGO**

# 100 MILYON PISONG HALAGA NG MGA BAGONG SILID-ARALAN, PINASINAYAAN

Pinasinayaan kamakailan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang ipinagawang 7 school building na may kabuuang 101 silid-aralan na may halagang 100 milyong piso upang gamitin ng mga mag-aaral ng Elementarya at High School para sa taong 2009-2010.



*Pinasasalamatan ni PB Renato Bernardo si Mayor WIN noong pasinayaan ang school building sa Bgy. Tagalag.*

Pinangunahan ni Mayor WIN Gatchalian, kasama sina Coun. Cora Cortez, DepEd-Valenzuela Schools Division Superintendent Dr. Joel San Luis at City Council Committee on Education Chairman Coun. Gerry Esplana ang buong araw na pasinaya sa mga school buildings at mga silid-aralan sa Rincon Elementary School, Maysan National High School, Lingunan Elementary School, Malinta Elementary School, Silvestre Lazaro Elementary School, Tagalag Elementary School at Wawang Pulo Elementary School.

Mahigit sa10,000 mag-aaral ng elementary at high school ang makikinabang sa mga bagong silid-aralan. Ayon kay Mayor WIN, "The opportunity for education is so important to Filipinos. It offers the children and youth the chance to be liberated from poverty and to live a life full of optimism and hope. Education is the foundation of a country and the building block of its citizen's social justice and self-worth and so it is in the front line of the city's budget".

Nagdagdag ng mas maraming pondo ngayong taon ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, bilang karag-dagan sa Php 169,028,426.14 2008 budget at loan para sa patuloy na construction ng school buildings. Dagdag pa ni Mayor WIN "Rapidly increasing student population is the number one challenge the Valenzuela City education system is facing today. It has been constantly rising and has increased at the average rate of 3.4% during the past three school years and the figure is expected to rise this coming school year. That is why we build more classrooms to accommodate the constantly growing number of students and to meet our target of 45:1 classroom to student ratio. This is 5 students more than the international standards, but it's still better than the current 58 to 60-plus students to classroom ratio."



*Pasinaya sa Lingunan Elementary School 2-storey school building. Nasa larawan sina Mayor WIN, Fr. Manny Mancad at Lingunan Punong-Barangay Noel Delesmo.*

Ito ay patotoo na edukasyon ang nangunguna sa prioridad ng ating lungsod. Marami pang mga pampaaralang gusali ang kasalukuyang ginagawa sa iba't-ibang barangay at maaari nang gamitin bago matapos ang taong ito. Ayon kay Ms. Praceli Cañares ang OIC ng Engineering Office, "More classrooms are going to be built this year. Inspections of existing classrooms are also underway to ascertain which ones need repair".■

# CONCERNED CITIZENS AT DAY CARE CENTERS

Motivated by its desire to support the education of young Valenzuelanos, the Concerned Citizens Alliance of Valenzuela City, Inc. donated Educational Kits and Rubber slippers to 157 pupils enrolled at Lower Tibagan Day Care Center and Our Lady of Hope Day Care Center, both located at Brgy. Gen. T. de Leon under the supervision of Ms. Eleonor Santos and Ms. Mercidita dela Cruz respectively.

The said activity was held during the first day of classes on June 15, 2009 headed by Ms. Dina Fernando, Focal Person-Day Care, Val. CSWD and Ms. Maura Ianco, CSWD Coordinator for District 2. The CCAVCI team are composed of its president, Fil V. de Guzman, VP & COO Rey B. Julio and Secretary Tom F. Forio.



Likewise, the Sabado Morning Fitness Club donated 30 sets of Educational Kits and 30 pairs of rubber slippers to the pre-schoolers of San Jeremias Day Care Center located at Brgy. Karuhatan, under the supervision of Ms.Cherilyn Hiñola on June 16, 2009, after its early morning 754th aerobics session at the Pag-asa Subd. 2 covered court by the club members, headed by its Asst. Club Executive Officer-Operations, PL Eugenio L. Lagman.■

**FIL DE GUZMAN**


## "YOUTH VOTE NOW 2010", INILUNSAD NG SK FEDERATION

May kabuuang bilang na 4,506 ng mga kabataan ang nagsama –sama nang ilunsad ang "Valenzuela Youth Vote Now 2010" na ginanap sa Valenzuela City Astrodome noong ika-30 ng Agosto para sa hangaring magkaroon ng malinis at maayos na eleksyon.

Dinaluhan ng mga SK Officials, officers and members ng Katipunan ng mga Kabataan, Batang REXponsable, WIN Youth Club, Sub-Parish Commission on Youth, Santolan Youth Club, Put Youth Club, SAKTO, Samahang Tungo sa Pag-unlad, Malinta Youth Organization and Malinta Youth Federation, Student Council Officers and students mula sa Valenzuela City Polytechnic College, Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela, Datamex, OLFU - Young Law Enforcers Organization.

"Valenzuela Youth Vote Now 2010 aims to encourage every youth to go out and register for the upcoming 2010 national and local election. Let us exercise our right to vote! My fellow young Valenzuelanos, the power to change our present electoral system is in our hands," pahayag ni Sanguniang Kabataan President Coun. Ricmar Enriquez.

Nagbigay ng maigsing pagtalakay patungkol sa politika at sistema ng eleksyon sa ating bansa, at ng full automated poll system sa darating na 2010 national at local eleksyon na pinangunahan nina Pastor Napoleon Saluba, Representative ng National Citizens' Movement for Free Elections (NAMFREL), Mr. Andy Lasala, Project Coordinator ng Bantay Eleksyon 2010, Institute for Political and Electoral Reform at Atty. Patrick Enaje, Election Officer of District I ng COMELEC.



Ang pagtitipon ay dinaluhan ni Sen. Francis "Kiko" Pangilinan na nakilahok sa open forum. "How to choose the right leader?", "Are there possibilities of human intervention in the automated election system?" ay ilan lamang sa mga katanungan ng mga kabataan na binigyang kasagutan sa talakayan.

Pinasalamatan ni Sen. Pangilinan ang mainit na pagtanggap sa kanya ng mga youth sector ng Valenzuela City. "I congratulate the Sangguniang Kabataan of this City for having this campaign for a clean and fair election. It is for our concern for emocracy in this country that we want to make sure that the will of the people is reflected in the 2010 elections. As a youth, you have the power to choose the right leader who will bring our beloved country to progress. Exercise your right to vote! The role of the youth in the 2010 Elections is of great importance to change the future of our nation."

Layunin ng SK Federation na mapadali ang rehistrasyon ng 12,900 na kasapi ng iba't-ibang youth organization kasama ang mga out-of-school youth. May temang "Responsableng Pagboto para sa Kabataang Valenzuelano", ang kampanyang ito ay naglalayon na himukin ang mga bagong botante na maging mapagbantay sa kasiguruhan ng malinaw at malinis na election sa 2010.■

## 3 PAMPUBLIKONG PAARALAN, NATIONAL HIGH SCHOOL NA!

Ang Valenzuela National High School (VNHS) Annex sa Arkong Bato, Bignay at Punturin ay naibukod na bilang independent national high school matapos pirmahan ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo noong Hulyo ang tatlong bagong batas alinsunod sa panukalang batas na ipinasa ni Valenzuela City 1st District Cong. REX Gatchalian na pinasinayaan ang tatlong VNHS annex na maging National High School.

Pinirmahan ni Pangulong Arroyo ang Republic Act 9669 para maibukod ang Arkong Bato Annex; ang Republic Act 9660 para mapagkalooban ng ganap na pagsasarili ang Bignay Annex; Ang Republic Act 9659 upang maihiwalay ang Punturin Annex.

Ang tatlong paaralan ay karugtong ng VNHS na ang buong pamamahala at kinakailangang budget ay galing sa national fund na nakalaan para dito. Ngayon ay ganap nang National High School batay sa mga batas na nabanggit.

Sa magkakahiwalay na Ceremonial Turnover of Authority, sinabi ni Cong. REX na ang Arkong Bato Annex ay kikilalanin na bilang Arkong Bato National High School, ang Bignay Annex magiging Bignay National High School at ang Punturin Annex ay tatawagin na Vicente P. Trinidad National High School bilang pagpupugay sa dating Punong Barangay Vicente P. Trinidad.

"Kap. Benjie initiated the establishment of a high school in Brgy. Punturin. And now that the dream is finally fully-realized, it is but fitting to name the school after the man who did all he could to bring the school to what it is now," wika ni Cong. REX.



*Valenzuela City 1st District Cong. REX Gatchalian and Coun. Alvin Feliciano lead the turnover of authority from VNHS to the new Arkong Bato National High School*

"The budget for the continued operation of the school shall be coming from the Annual General Appropriations. Our school will have its own budget and shall no longer rely on the buddet of VNHS," pahayag pa nito.

Labis ang pasasalamat ni Kon. Alvin Feliciano kina Cong. REX at Mayor WIN sa suporta sa kanyang mga constituents, "It was almost impossible then for a small barangay like Arkong Bato to have its own high school, but Mayor WIN made it possible by building a school building. And now, Cong. REX even converted it into a National High School."■

## TUNGO SA KATUPARAN NG KARAPATAN NG PWDs

Sa pagdiriwang ng ***31st National Disability Prevention and Rehabilitation Week*** na may temang ***"Tungo sa Katuparan ng Karapatan ng PWDs"***, isang paglilingkod bayan para sa mga Valenzuelano ang pinasinayaan noong Hulyo 20 sa Valenzuela Convention Center. Ipinamahagi ang Purchase Booklets para sa mga kababayan nating may kapansanan sa pangunguna ng Disabled Persons Affairs Committee of Office of the Mayor at ng City Social Welfare and Development Office.

Ang mga Purchase Booklets na ipinamahagi ay magagamit alinsunod sa Patakaran at Regulasyon sa kaloob na espesyal na diskwento para sa mga taong may kapansanan sa pagbili ng mga pangunahing pangangailangan at pangunahing kasangkapan, gayon din para sa mga kailangang medikal, iba pang kaugnayang diskwento at natatanging pribilehiyo ayon sa R.A. No. 9442, na kilala rin bilang Magna Carta para sa mga taong may kapansanan at sa iba pang layunin.



*Pinangunahan nina Coun. Adrian Dapat, Action Officer ng DPAC at Ms. Evelyn M. Hernandez, OIC ng CSWDO kasama ang iba pang pamunuan at mga miembro ng DPAC ang pamamahagi ng Purchase Booklet sa may 200 Persons with Disabilities.*

Bahagi ng pagdiriwang ng NDPR, nagpamalas ng angking talento ang mga differently abled nating mga kababayan sa pamamagitan ng pagsayaw, pagtugtog, pagpipinta, pag-awit at maging sa palakasan ay di sila nagpahuli sa ginanap na ***Valenzuela Person with These-Abilities Talents and Achievements Celebrations.*** Ito ay pinangasiwaan ng Valenzuela Disabled Persons Federation.

Pinatunayan lamang nila na hindi hadlang ang kapansanan para sa pagkakaroon ng maayos at magandang bukas.

Ang pagpapatala para sa mga may kapansanan ay patuloy na isinasagawa at ang pamamahagi ng Purchase Booklet at PWD IDs ay magpapatuloy sa pamamagitan ng PWD Unit ng CSWDO.■

## ALS MINI-OLYMPICS 2009 MATAGUMPAY NA IDINAOS

Nagdaos ng taunang Mini-Olympics ang Alternative Learning System (ALS) na ginanap kamakailan sa Valenzuela City Astrodome. Ito ay isinagawa upang ipakita ang galing ng mga mag-aaral ng ALS sa larangan ng palakasan tulad ng basketball, volleyball, chess, dart, table tennis, relay at tug-of-war. Nagkaroon din ng patimpalak sa pagandahan at ang mga nagwagi ay tatanghaling Mr. and Ms. ALS 2009.

Nagsimula ang palaro sa isang maikling programa na dinaluhan ng Action Officer ng ALS, Kon. Fernando Padrinao, bilang pangunahing panauhin. Nagbigay siya ng maikling pananalita at inspirasyon sa ating mga mag-aaral at manlalaro upang kanilang mapagbuti pa ang pag-aaral sa ALS.

Bumisita rin sa palaro ang mga Kagawad ng Edukasyon ng mga barangay tulad ng Marulas, Dalandanan at Lawang Bato upang bigyang suporta ang kani-kanilang mga manlalaro.

Sabay-sabay na isinagawa ang mga palaro. Ang larong basketball, chess, dart at tug-of-war ay isinagawa sa loob ng astrodome samantalang ang mga larong relay, volleyball at table tennis ay sa bakuran ng Dalandanan National High School.

Itinanghal na kampeon sa basketball, volleyball, tug-of-war at relay ang Cluster 1 na kinabibilangan ng mga barangay Malinta, Karuhatan,Bignay at Malanday. Sina Joseph Brimbuela ng Karuhatan ang nagwagi sa larong table tennis; Erwin Santiago ng Bgy. Balangkas ang nagwagi sa dart at si Frederick Bautista ng Arkong Bato ang nagwagi sa larong chess. Ang mga nagwagi ay ginawaran ng medalya, tropeo at pera sa pangunguna ni Mr. Baltazar M. Gayem.

Nanalo nang Mr. ALS 2009 si Mark Santiago ng barangay Dalandanan at si Honeylyn Tulalian ng Malinta ang hinirang na Ms. ALS 2009. Sila rin ang nanalo sa Best in Talent.



*Ang Cluster 1 na nagchampion sa larong basketball, volleyball, relay at tug-of war kasama ang kanilang mga ALS Instructional Managers.*

Matagumpay ang pagdaraos ng ALS Mini-Olympics dahil sa suporta na ibinibigay ng ating lokal na pamahalaan sa pangunguna ni Mayor Sherwin T. Gatchalian sa ating mga kabataang nahinto sa pag-aaral na muling nakapagpatuloy ng pag-aaral at maipakita ang kanilang mga kahusayan, abilidad at galing sa pamamagitan ng mga aralin at programa ng Alternative Learning System. ■ **MA. JENNICA B. SY**

## GSP and City Health Office joined hand-washing campaign at SM

Believing that prevention is indeed the best cure, the GSP Valenzuela City District joined hand washing demo recently which was spearheaded by SM Valenzuela officials. This handwashing drive is part of the continuous campaign to help fight the spread of the A(H1N1)virus and other transient organisms.

The event was held in partnerhip with the Department of Health, World Health Organization, UNICEF, GSP Valenzuela, and the Red Cross of Valenzuela, as well as non-government units, local government units and different schools from Valenzuela. The event was organized by SM Valenzuela under the program of SM Cares to inform and educate shoppers about preventive measures to hinder the spreading of the pandemic disease.

Prominent personalities from various sectors demonstrated proper handwashing procedure to control the spread of infections. These included Mr. Jan Michael Ong, Branch Manager, SM Valenzuela, Mrs. Elizabeth A. Chongco, GSP & Red Cross Chairman, Mrs. Rosarie R. Carlos, GSP Coordinator, Mr. Benjamin Ngo, Informatics Valenzuela, Dr. Agripina Policarpio, Education Supervisor, Mr. Peter Quintana, outgoing President, Rotary Club of Valenzuela, Mr. Phillip Lim, Incoming President of Rotary Club of Valenzuela, SM officials led by Mrs. Kelly S. Marfega and Ms. Melanie Corbito joined them, as did young members of the Girl Scouts and Troop Leaders.

Mr. Ong, in behalf of the SM Valenzuela management , said that they wish to be an information gateway for the public to know more on how they could prevent community outbreak of the A(H1N1).



*SM Valenzuela, NGO's, LGU's and DepEd officials lead hand washing drive*

Mrs. Elizabeth Chongco, GSP and Red Cross chairman, said that they commended SM Valenzuela and the management for their efforts in preventing further spread of the virus.

Dr. Andres M. Leabres, representative on education, also graced the event on behalf of the DepEd-Valenzuela.

Meanwhile, the City Health Department likewise hold the same program, also in partnership with SM-Valenzuela held last July 3 at the same venue attended by SM employees, food-chains' personnels,tenants, students and buyers.

Included in the program is an Audio Visual Presentation on How To Prevent the Influenza A(H1N1). Proper hand-washing was demonstrated to avoid sikness and diseases not just the Influenza A(H1N1) but also diarrhea and pneumonia.

To make the discussion more effective, an actual return-hand-washing demonstration led by Ms. Pia Dizon was shown to the audience. Mr. Ong, the Mall Manager; Mr. Zoilo Cariño Jr., Foodcourt Manager; and Dr. Jaime Exconde Jr., OIC-City Health Office were among the first batch for the demonstration.

The second batch were led by mall tenants and food handlers; and the third batch by a child, a mother and a college student.


*Handwashing campaign last July 3, 2009 at SM Hypermart-Valenzuela kasama si Dr. Jaime M. Exconde Jr., at Ms. Pia Dizon ng City Health Dept.*

During the program Dr. Jamime Exconde Jr., gave a short but very important message, "Napakasimpleng gawain ang paghuhugas ng kamay ngunit napakahalagang bagay para sa ating kalusugan. Kaya't aking ipinapayong ugaliing maghugas ng kamay upang lumakas ang resistensya laban sa sakit." he said. ■

**MS. ROSARIE R. CARLOS & MS. PIA A DIZON**

## PAMANTASAN NG LUNGSOD NG VALENZUELA, PINALAWAK

Ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ay patuloy sa pagpapagawa ng pampaaralang gusali sa Pampublikong Elementarya at Sekondarya. Maging sa Pampublikong Kolehiyo ay inumpisahan na ang pagpapagawa at pagsasaayos ng silid-aralan upang matugunan ang lumalaking bilang nang mga estudyante sa kolehiyo kada taon.

Inumpisahan noong ika-9 ng Abril 2009 ang pagsasaayos sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV Main Campus) at ang bagong gusali na inumpisahan ng ayusin noong ika-1 ng Mayo.

Ang bagong gusali ay tinawag na PLV-Maysan Annex na may luwang na 5,293 metro kwadrado, may dalawang palapag na binubuo ng dalawampu't isang silid-aralan, cafeteria at gymnasium na nagkakahalaga ng P33,000,000.00.


**Ang bagong Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela- Annex**

Ang halaga na ilalaan sa pagpapalaki at pagsasaayos sa PLV Campus ay aabot sa 75,000,000.00.

**"This is to reaffirm the City Government's commitment to make city-funded college education in the city be at par with the best in the country,"** ayon kay Mayor WIN.

Kamakailan ay ginanap ang pasinaya at paghahandog sa mga naturang gusali kasama ang 2 bagong Crosswind Vans na nagkakahalaga ng P1,650,280.00 na bigay ng Lokal na Pamahalaan upang magamit sa pagsisimula ng pasukan.

Sa simula ng pasukan, ginamit na ang sampung silid-aralan ng PLV-Annex para sa tatlong kurso: Business Administration, Accountancy at Public Administration na may 1,428 estudyante sa kolehiyo ang nakikinabang sa naturang gusali.

"The Main Campus, on the other hand, will house the Education, Engineering and Students of Graduate Studies", sabi ni PLV President Dra. Nedeña C. Torralba. ■

## "GALING MASAHISTA AKO" TRAINING PROGRAM

Isang araw ng tagumpay na puno ng kagalakan ang naganap sa Valenzuela Convention Center noong ika-4 ng Hulyo,2009 nang magtapos ang 43 na estudyante pawang mga taga Bgy. Mapulang Lupa na nagsanay sa ***"Galing Masahista Ako"*** Training Program.

Magkatuwang na proyekto ng TESDA-CAMANAVA, sa pangununguna ni Dir. Elpidio Mamaril Jr., City Livelihood Development Office, sa pangunguna ni FCC. Lorie N. Borja, at sa pakikipagtulungan ng pamunuan ng Barangay Mapulang Lupa, sa pangunguna ni PB Fernando Francisco.

Ang pagsasanay ay binubuo ng 100 oras na nagsimula noong ika-1 at natapos ika-29 ng Hunyo ng taong ito.

Ang disenyo ng pinag-aralan ay kombinasyon ng Reflexology, Swedish Massage, Siatsu, Thai Massage, at Vital Signs.



Naging masigasig ang mga estudyante dahil na rin sa lubos na suporta ng Pamahalaang Barangay sa kanila at sa husay ng trainer na si Ms. Lucy Magallanes.

Kaya naman nang kumuha ng exam ang mga estudyante sa National Certificate 2 (NC2) ay nakapasa silang lahat.

Nagpapasalamat ang pamunuan ng Barangay Mapulang Lupa kay Mayor WIN dahil sa mga programa nito.

Ang City Livelihood Office ay patuloy na aalalay sa mga nagtapos upang masiguro na ang kanilang natutuhan ay magagamit sa kapakinabangan nila at ng bayan. "Dapat hindi dito matapos, sana kung ano ang ibinigay sa atin na kaalaman at kasanayan ay gamitin natin sa maayos na paraan para sa ikauunlad ng ating pamumuhay," wika pa ni Bb.. Lorie N. Borja.■

## EARLY CHILDHOOD CARE AND DEVELOPMENT PROGRAM

The City of Valenzuela , through the Local Council for the Protection of Children (LCPC), is a recipient of the 3-year project of the Council for the Welfare of Children (CWC) and the Unicef for the Early Childhood Care and Development (ECCD) Program. Including six priority barangays such as: Malinta, Karuhatan, Gen. T. de Leon, Viente Reales, Marulas and Bignay. As part of the project the project, the City Government is mandated to share 3 Million pesos while the CWC's counterpart fund is 5Million pesos.

Now on its second year of implementation, equipments and materials for the six health centers and six day care centers had been purchased and distributed respectively.


The ECCD Program also made possible the trainings of the personnel of the City Health Office in Infant and Young Child Feeding (IYCF) and Integrated Management of Childhood Illnesses (IMCI) as well as those of the Day Care Workers in Revised Day Care Manual and Parent Effectiveness Seminars.

Likewise, Supplementary Feeding are given to the children of the six priority day care centers since last school year as part of the program. The Children of these day care centers have also enjoyed the various books, toys and educational materials previously purchased while the health centers continued to give free ferrous sulfate capsules and syrups for the pregnant

In line with the thrust of Mayor Sherwin Gatchalian towards nurturing and developing the children of the city, the ECCD Program of the Local Council for the Protection of Children continues to be an avenue for the realization of such goals.

The LCPC, under the chairmanship of the Chief Executive had paved for the passage of the Valenzuela City Local Code for Children as well as the strengthening of all the Barangay Councils for the Protection of Children (BCPC). All our efforts are directed towards making Valenzuela truly a "Child-Friendly City", ever responsive to the needs of our children. ■

**DR. ANNABELLE P. FAJARDO**



God is a God of relationship and His word clearly expressed His will. The bible gave guidelines on how we can relate with Him. **Here are basic 4 C's of relationship with God.**

**Call to Him.** "Call to me, and I will answer you, and will show you great things, and difficult, which you don't know" Jeremiah 33:3

**Come to Him.** "Come to me, all you who labor and are heavily burdened, and I will give you rest" Matthew 11:28

**Confess your sin.** "If we confess our sins, he is faithful and righteous to forgive us our sins, and to cleanse us from all unrighteousness" 1 John 1:9

**Cast all your cares.** "Casting all your worries on him, because he cares for you" 1 Peter 5:7




## OPERATION LIBRENG TULE AT BUNOT NG NGIPIN

Ang Operation Tule ay taunang proyekto ni Vice Mayor Eric M. Martinez tuwing panahon ng bakasyon. Layunin nito na matulungan ang mga kabataang lalake na nagnanais magpatule at matulungan din ang kanilang mga magulang sa gastusin sa nasabing operasyon.

Masasabing isang malaking tagumpay ang proyektong ito sapagkat ginanap ng dalawang beses sa magkahiwalay na lugar. May kabuuang 125 kabataang lalake ang natulungan ng proyektong ito.


Ang ginanap na Operation Tule sa Barangay Hall ng Karuhatan Auditorium noong Mayo 17, 2009

Ang lugar na pinagdausan ay sa Brgy. Karuhatan na ginanap noong nakaraang Mayo 17, 2009 sa pakikipagtulungan ng samahan ng Pugad Lawin sa Cubao Inc. na nagbigay ng karagdagang mga gamot at nagpadala ng mga doktor mula sa UERM, nagbigay suporta din si Punong Barangay Boy Caco sa nasabing proyekto. Nagkaroon din ng Libreng Bunot ng ngipin sa pakikipagtulungan ng Valenzuela Dental Society.


Si Vice Mayor Eric Martinez at ang mga volunteer doctors, nurses, VMO staff at samahan ng Pugad Lawin sa Cubao Inc.

Nasundan ito ng isa pang Libreng Tule na ginanap naman sa Brgy. Ugong sa pakikipagtulungan naman ng Knights of the Altar ng San Juan Dela Cruz Parish noong nakaraang Mayo 23, 2009. Nakakatuwang pakinggan ang kanilang pasasalamat sa ibinigay na tulong ni Vice Mayor Eric Martinez at tunay na naging makabuluhan ang summer vacation ng mga kabataang ito.

Limamput-apat (54) na mga kabataang lalake ang naoperahan sa Brgy. Ugong at pitumput-isang (71) naman ang inoperahan sa Brgy. Karuhatan, samantalang 50 katao ang nabunutan ng ngipin na may kaukulang gamot na ibinahagi para sa mga pasyente na ginanap naman sa Brgy. Karuhatan.■




## REXprotect Insurance Program

Nasa ikalawang taon nang binibigyan ni Cong. REX ng pagkilala at pagpapahalaga ang mga kasama niyang naglilingkod sa publiko. Ang REXprotect Insurance Card ay naglalayon na makapagbigay ng proteksyon at pinansyal na benepisyo laban sa sakuna at disgrasya saan man sa Pilipinas sa loob ng isang taon sa sinomang mayroon nito.


Si Cong. REX Gatchalian, FVM Tony Espiritu at Ms. Jing Hernandez kasama ang mga Bantay-Bayan Volunteers na hinandugan ng REX Protect Insurance card.

Una nang nagpamahagi si Cong. REX ng REXprotect Insurance card noong 2008, at ngayong ginanap ang (RENEWAL) ng mga TODA Drivers at Operators noong Enero 2009, kaalinsabay sa pagdiriwang ng kanyang kaarawan.

Kamakailan, ang mga barangay tanod naman ang nagrenew nang nasabing REXProtect Insurance card, sapagkat batid ni Cong. REX at Coun. Alvin Feliciano ang panganib na sinusuong ng bawat Barangay Tanod sa pagtugon sa tawag ng kanilang tungkulin. Kaya nasa humigit kumulang 900 na barangay tanod ang muli na naman na insured sa ilalim ng nasabing programa na ginanap sa Valenzuela Astrodome, na dinaluhan ni Vice Mayor Eric Martinez, Coun. Gerry Esplana, FVM Jing Hernandez, FVM Tony Espiritu, at mga Punong Barangay.

Ang mga benepisyong matatanggap ng bawat isang napagkalooban ng REXprotect ay ang mga sumusunod:


| TABLE OF BENEFITS: | AMOUNT: |
|---|---|
| Accidental Death | P 25,000.00 |
| Total & Permanent Disability | 25,000.00 |
| SalaryAssistance | 24,000.00 |
| Burial Assistance due to Accidental Death | 6,000.00 |
| Unprovoked Murder & Assault | 5,000.00 |

Naisakatuparan ang nasabing programa sa pakikipagtulungan ni Mayor WIN Gatchalian, mga Punong Barangay sa unang Distrito at ng Insurance of the Philippine Islands Co. Inc.

Sa darating na Setyembre 2009 taong kasalukuyan, irerenew naman ang mga REXprotect Insurance card ng mga kasama nating Lupong Tagapamayapa, at Barangay Health Workers.


Si Cong. REX Gatchalian, Ms. Jing Hernandez at Mr. Bimbo Llenado kasama ang mga hinandugan ng REXprotect Insurance card.

Ang REXprotect ay isang hakbang na nagpapatunay na nagbibigay ng importansya si Cong. REX para sa kapakanan ng kanyang mga kasamang naglilingkod publiko.■




## CYCLE RAV OF VALENZUELA AWARDED MOST NUMBER OF DELEGATES

The 15th Annual Convention of the National Federation of Motorcycle Club of the Philippines was held last May 8-10, 2009 at Baguio City, Convention Hall.

The Valenzuela Delegates mostly members of Cycle RAV, headed by their Chairman Coun. Ignacio "Jun" Santiago Jr.,


Cycle RAV of Valenzuela Awarded Most No. of Delegates

President Manny Manguiat and the officers of the different clubs from Valenzuela City participated in this annual event.

The Cycle Riders Association of Valenzuela was once again awarded as


3rd Place Photo Exhibit Awarded to Coun. Ignacio 'Jun' Santiago by Gen. Reynaldo Berroya.

the group with the most number of delegates and also won 3rd place for photo exhibit competition.

The 15th annual convention was hosted byLawin Motorcyclist Club with Asec. Reynaldo Berroya as President and Vigan Heritage Motorcycle Club headed by their President Bonito Singson.

## COMPUTER TURNED-OVER

The office of Coun. Ignacio "JUN" Santiago Jr., turned-over one (1) computer unit each to VNHS Canumay East Annex


Computer Turn Over with Coun. Ignacio "Jun" Santiago Jr. Mr. Eduardo Lita-Principal of A. Fernando Elementary School with Faculty Members and PTCA Officers

and to A. Fernando Elementary School.

This school development project of Coun. Ignacio "Jun" Santiago Jr., helps both the students and teachers abreast


Computer Turn Over with Coun. Ignacio "Jun" Santiago Jr. Ms. Marciana Deet-Principal of VNHS Canumay East with faculty members

with the computer technology and updating their advancement through computerization of their study programs, curriculum planning and designs.■

## STREET DANCING SA BARANGAY LINGUNAN

ni PB Noel Delesmo

Street dancing ang ihinandog ng mga kababaihan ng Bgy. Lingunan na ginawa sa kahabaan ng T. Santiago St. at I. Gregorio St. sa ginanap na pagdiriwang ng Feast of Holy Trinity noong Hunyo 7, 2009 sa naturang barangay.

Bukod sa pagbubunyi ng patron ng barangay, layunin din ng programa na buhayin ang mayamang kultura ng pananamit upang ipamulat sa bagong henerasyon ang uri ng mga kasuutan noong mga nakaraang panahon.

Walong (8) grupo ng mga kababaihan ayon sa bilang ng mga purok sa barangay


Ang grupo ng Purok-Ilaas ng Bgy. Lingunan habang nagsasagawa ng Street Dancing para sa Feast of the Holy Trinity

ang sumama sa programa na pawang nakasuot ng makukulay at magagandang kasuutang Filipiniana.

Ang programa ay pinagtibay sa Sangguniang Barangay at pinangasiwaan nina Gng. Baby Juliano at Sangguniang Kabataan Chairperson Sarah Matias sa tulong ni Bgy. Kagawad Nico Trinidad.

Noong unang panahon ng wala pang patron ang kapilya ng Bgy. Lingunan at ang pagdiriwang ng fiesta ay tuwing pangalawang araw ng Linggo ng buwan ng Pebrero, ito ay bilang pasasalamat ng mga magsasaka para sa biyaya ng mainam at masaganang ani.

Dahil may patron na ang kapilya ng barangay, kayat nais din itong ganapin sa wastong kaarawan ng pagdiriwang ng Feast of the Holy Trinity.■

**I-KWENTO ANG INYONG BARANGAY!**

Magpadala ng artikulong may litrato ng mga kaganapan sa inyong lugar at makipag-ugnayan sa 352 1000 loc 1141 o mag E-mail sa valenzuelangayon@yahoo.com

## SEMINAR ON WORK VALUES, ATTITUDE AND MANY MORE

The Training and Development Unit under the Office of the Mayor has recently completed eleven (11) classes in row on "Work Values and Attitude." The seminar started last May 2009 with VALPOLY as the initial group. It was then followed by other Valenzuela City Hall offices.



Mr. Efren Uy of Training and Development Unit of the Mayor's Office giving his lecture on Work Values and Attitude Seminar for employees of City Government different offices

The seminar program was more than what the title sounds. In the course of its facilitation the areas of childhood development was revisited as the first foundation of values and attitude formation begins. Upon awareness, people began to establish their own character by result of exposure to experiences. They start to reinvent and repackage themselves to harmonize with the social norms while applying the desirable learnt traits. What does it requires reinventing oneself? The seminar answers the question for the participants to find out. This is the gist of the seminar program .

Personal values and aligning them with Valenzuela City Vision-Mission statement is part of the activity.

After the completion of the seminar the participants carries with them a new perception and perspective about work and the elements that are necessary that applies in working.

During seminar days the facilitator and the participants themselves created the ambiance of the "joy of working" and at its later schedule invented the "attitude virus" they can spread out in their respective offices.

This is another seminar with a very good rating. The training unit is committed to conduct this program as part of new employee induction and refresher course for additional knowledge. We seek continuous improvement for human development learning.

Please watch out for the announcement of new seminar program. ■ **MR. EFREN M. UY**


## VALENZUELA NGAYON

**Publisher : CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA**

**Editorial Board**

Chairman: MR. PHILIP A. ENCARNACION
Vice-Chairman: REV. IBES L. PALILEO
Members: MS. MARITHER S. MENIA
COUN. ALVIN S. FELICIANO
FCC. LORIE N. BORJA
MS. DOROTHY G. EVANGELISTA
MR. ULYSSES C. AGUILAR
MS. AURORA L. MAGHUYOP
MS. ROSARIE R. CARLOS

Graphic Artist : MR. ALLAN C. TAMPADONG
News Coordinator : MR. JONATHAN A. LICUAN
Photographer : MR. ERWIN M. MARASIGAN
Secretary: MS. LORNA O. ELARDO

Contributors:

MR. FIL DE GUZMAN — DRA. ANNABELLE P. PAJARDO
MR. ROQUE TANALGO — MS. CONNIE ESGUERRA
MS. BARS DE SOTTO — CONG. REX T. GATCHALIAN
MS. ROSARIE CARLOS — VICE MAYOR ERIC MARTINEZ
MS. PIA DIZON — COUN. JUN SANTIAGO
MS. MA. JENNICA SY — PB NOEL DELESMO
MR. ZYAN CAIÑA — MR. VENANCIO DELICA
MR. EFREN M. UY — DR. CATALINO A. LLANA


VALENZUELA NGAYON is a bimonthly publication of the City Government of Valenzuela. It accepts contributions for publication but reserves the right to edit any manuscript for reasons of grammar, spelling, propriety and space. All opinions expressed in any article are those of the author and do not necessarily reflect those of the paper. For comments, suggestions, and manuscripts please address it to the City Publication Unit, Public Information Office, 1st floor Executive Bldg., Mc Arthur Highway, Malinta, Valenzuela City, or you may call us at telephone number 352-1000 local 1141.

## MGA DELEGADO NG VALENZUELA ANTI-DRUG ABUSE COUNCIL SA IDADAIT




Ang mga delegado ng Valenzuela Anti-Drug Abuse Council (VADAC) sa ginanap na International Day Against Drug Abuse And illicit Trafficking (IDADAIT) na idinaos kamakailan sa Rizal Memorial Stadium. Sa pangunguna ni Dangerous Drugs Board Secretary, Mr. Vicente 'Tito' Sotto III, nagkaroon ng Youth Forum upang talakayin kung gaano kahanda ang ating pamahalaan upang mapigilan ang paglaganap ng iligal na droga sa ating bansa, gayon din sa isinasagawang mga programa para makaiwas ang mga kabataan sa pagkalulong sa mga ipinagbabawal na gamot.

## 512,000 MGA GAMIT ESKWELA, IPINAMAHAGI

Sa hangaring makatulong at mapasigla ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral, inumpisahan noong Hulyo18, 2009 ang pamimigay ng libreng notebook sa may 56 pampublikong paaralan sa Lungsod ng Valenzuela na umabot ng halos 512,000 notebook ang naipamahagi sa may 103,314 kabuuang bilang ng mag-aaral. Bahagi ito ng ***WIN ang Edukasyon Program*** na isinusulong ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela.



Namahagi ng mga notebook sa Malinta National High School, nasa larawan sina Mr. Ronald Trono - principal, Ms. Josephine Urrutia, Kgd. Bok Clariño, Kgd. Romeo Balajadia at Bgy. Captain Popoy Hernandez.

Ang pamamahagi ay pinangunahan ng WIN Action Center (Gen. T. de Leon) sa pamumuno ni Ms. Dorothy G. Evangelista, katuwang ang Community Service Unit sa pamumuno ni Mr. Arnel Guttierez.

Nagbigay din ng panahon ang ilan sa mga Punong Barangay at kagawad upang tumulong sa pamamahagi sa kanilang nasasakupan.

"Nakita namin ang kasiglahan at katuwaan ng mga bata sa pagtanggap ng notebook at nagpapasalamat sila kay Mayor WIN sa taun-taon nitong pamamahagi," sabi ni Ms. Josephine F. Urrutia, ang nanguna sa pamamahagi. "Sana maging karagdagang inspirasyon ang tulong na ito ng lokal na pamahalaan upang mas lalo pang magsumikap ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral", dagdag pa nito.

Ang 335,590 notebook ay naipamigay sa 39 na eskwelahan sa Elementarya na may 67,118 na mga mag-aaral ang napagkalooban at ang 17 paaralan ng Sekondarya na may kabuuang bilang na 34,482 na estudyante ay nakatanggap ng 172,410 notebook. Ang 14 na eskwelahan na nagtuturo sa mga SPED Student na may kabuuang 534 na mag-aaral ay nabigyan naman ng 1,602 notebook at ipinagkaloob naman ang natitirang 2,360 notebook sa may 1,180 mag-aaral sa Day Care. Nakatanggap naman ng libreng Lesson Planner at iba pang kagamitan ang mga guro.

Sa kaugnay na ulat, ang Kindergarten ng Malinta, Pio Valenzuela, Sitio Sto. Rosario, Constantino Elementary School at Parada National High School ay nakatanggap ng kompletong school supplies, activity books, manipulative materials, story books, water dispensers, wall fans, rubber mats, mga upuan at mesa.

Ginanap ang pamamahagi noong Hulyo 10, 2009 para sa may 250 kabuuang bilang ng mga mag-aaral na siyang makikinabang nito.

Ang pamamahagi ay pinangunahan ni Mrs. Sonia Martin, Supervisor for Physical Facilities and Officer in Charge for Kindergarten kasama sina Mr. Victor Lorenzo at Mrs. Leonora Candelaria, Administrative Officers.

Ang mga principal, mga magulang at mga mag-aaral ay lubos ang pasasalamat sa hindi nagbabagong pagtulong at pagsuporta sa kanila ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela. ■

## WIN PROTECT INSURANCE CARD

Noong ika-7 ng Hulyo natunghayan ang isang proyekto nang ilunsad at ipamigay ang ***WIN Protect Insurance Card*** ni Mayor WIN Gatchalian para sa mga Barangay Tanod, Lupon Tagapamayapa, Bantay Bayan, Barangay Health Workers at mga Driver ng Toda sa ikalawang Distrito ng Lungsod na ginanap sa Valenzuela City Center for the Performing Arts.

Matatandaan na noong nakaraang taon ay naglunsad na rin ng ganitong proyekto si Cong.REX Gatchalian para sa Unang Distrito ng Lungsod kaya naman ang WIN Protect Insurance ay sa Ikalawang Distrito naman ipamamahagi na aabot sa kabuuang 7,000 katao ang magbebenipisyo.

Ang layunin ng proyekto ay upang kilalanin ang malaking serbisyo sa ating mamamayan ng mga kawani ng mga Barangay at ng Pamahalaang Lungsod. "Ito rin ay para mabigyan sila ng proteksyon at kalinga sa kanilang trabaho lalong-lalo na sa di inaasahang kapansanan na ikadudulot ng aksidente," paliwanag ni Ms. Dorothy G. Evangelista, hepe ng Special Projects Office.

Sa tuwina ay isinasaalang-alang ni Mayor WIN ang kapakanan ng mga kawani. "Hangad ni Mayor WIN na magbigay ng tulong at suporta para sa kanilang kapakanan at maging sa kanilang pamilya upang makinabang sa nasabing insurance", dagdag pa ni Ms. Dorothy.

Naging posible ang naturang proyekto dahil na rin sa ating Sangguniang Panlungsod sa pamumuno ni Vice Mayor Eric Martinez na siyang nanguna upang maipasa ang naturang resolusyon at ni Kon. Fernando "Boy"



Ipinamigay nina Mayor WIN, Vice Mayor Eric at Councilor Boy Padrinao ang WIN Protect Insurance Policy sa mga Bgy. Tanod ng District 2, noong ika-2 ng Hulyo na ginanap sa Valenzuela Auditorium

Padrinao na siyang may akda ng kapasyahan at sa lahat ng Konsehal ng Lungsod na sumuporta sa naturang panukala.

Ganun din kay Mr. Rolly Estrella ng Insurance of the Philippine Islands Co. Inc. na siya ring nagpaliwanag sa kahalagahan at kapakinabangan nito. Bakas sa mga kawani ang kapanatagan sa pagtatapos ng programa.■

